# Philippine Biblical Worldview Institute
## Certificate in Christian Ministries

# Lifestyle Evangelism ©
Conrad Jun Tolosa
Revised March 14, 2020

### LE201. Ang Gospel at ang Evangelist

Ang ibig sabihin ng mga original Greek words na angkop sa pag-aaral ng salitang gospel ay mabuting balita at ang pagbabahagi nito. Kalimitan ang paggamit sa salitang ito sa New Testament ay tumutukoy sa mga katotohanang may kaugnayan sa kaligtasan na iniaalay ni Cristo at ang pagbabahagi nito sa sangkatauhang naliligaw ng landas. Sa pamamagitan ni Cristo dumarating ang mabuting balita. Dahilan sa Kanyang ginawang sakripisyo sa Kalbaryo, naging posible ang kapatawaran ng kasalanan at ang pagkakaroon ng daan tungo sa kaharian ng Diyos.

Ang gospel ay ang pag babahagi ng good news. Subalit, ano ba ang mabuti sa good news na ito? Ano yung mabuting balitang hatid ng mga evangelists? It is simply this: Kung hindi gumalaw ang Diyos patungkol sa lost condition ng makasalanang tao, then man will be lost forever in his sins. Walang kaligtasan ang sanlibutan. Subalit God sent His Son Jesus to save sinful men and women from their sins upang ang sinumang sumampalataya ay hindi mapahamak bagkos ay magkaroon ng buhay na walang hanggan. Samakatuwid ang mga sangkap ng gospel ay:

1. Ang balita ng kaligtasan na nagmumula sa Diyos,
2. Sa pamamag-itan ng Kanyang anak na si Jesus,
3. Ang pag-aalay ng Kanyang buhay para sa makasalanang tao (John 3:16),
4. Ang kalakip na paghamon nang pagtanggap sa mensaheng ito para sa ikaliligtas ng makasalanang tao (John 5:24, Romans 10:17).

Ang ibig sabihin ng original Greek word na ginamit sa salitang evangelist ay one who brings good news; ang taga-deliver ng mabuting balita o ng gospel. Tatlong beses mababasa ang salitang ito sa New Testament: a) sa Acts 21:8 na kung saan ay tinagurian si Philip na isang evangelist, b) sa Ephesians 4:11 na nagsasaad na ang mga evangelists ay mga taong kaloob ng Diyos sa iglesia at c) sa 2 Timothy 4:5 kung saan naman sinabi ni Paul kay Timothy na "do the work of an evangelist." Bilang mga missionaries dinadala ng mga evangelists ang gospel sa iba't ibang bahagi ng mundo. Evangelism, therefore, simply means the sending out of evangelists so that they may bring the gospel to the people.

Ang isang evangelist ay a) motivated, hindi na kinakailangang utusan pa siya na isagawa ang tungkuling ito; b) bold, bagamat malambot ang kanyang puso, makapal ang kanyang mukha sa pakikipag-usap sa tao; c) marunong sa Salita ng Diyos, hindi siya baguhan sa nilalaman ng Bibliya, matagal-tagal na rin siyang nag-aaral ng salita ng Diyos; d) magaling mag-communicate, hindi siya paligoy-ligoy o paikot-ikot sa pagpapaliwanag ng kanyang sarili, maliwanag niyang nasasabi ang laman ng kanyang isipan; at e) marunong tumanggap ng rejection, persecution at iba pang mga pahirap at pasakit mula sa tao, hindi siya nawawalan ng lakas ng loob o mabilis madiscourage dahil sa negative responses ng kanyang mga nakakausap (Romans 1:14-17, 2 Timothy 2:8-10).

Ang mga evangelists ay mga disciples na. Meaning, mga alagad na palagian nag-aaral ng salita ng Diyos, at dumaraan sa pagsasanay. Hindi siya yung mayroong dala-dalang lamang gospel track; kundi ang gospel ay kanyang isinasa-pamuhay. Ibig sabihin, kung nasaan ang hanap-buhay, iyon ang kanyang mission field. Doon siya gagamitin ng Lord, not as a preacher, but simply as someone who is like a reporter sharing a news item. Siya ay gagamitin as salt and light without him being conscious about it; and as a witness and an ambassador. Pag-uusapan pa natin ang mga bagay na ito sa mga susunod na lessons.

***Discussion questions:***

1. Paano ba talaga nagshe-share ng mabuting balita? Ito ba ay may formula o depende sa situation at sa iyong makakausap?
2. Ang isang katangian ng evangelist ay magaling mag-communicate at hindi paligoy-ligoy. Ibig bang sabihin nito ay maaari niyang ibungad kaagad sa kausap niya ang ganito, "Ang mga hindi sumasampalataya kay Jesus ay tiyak na mapupunta sa impyerno."

**I. Multiple choice**

1. Ano ang ibig sabihin ng mga original Greek words na angkop sa pag-aaral ng salitang gospel?
   a. Mabuting balita at ang pagbabahagi nito
   b. Balita sa ginagawang pagbabago ng Diyos sa mundo
   c. Balita tungkol sa mabubuting gawa ng mga disciples ni Cristo

2. Ang paggamit sa salitang Gospel ay tumutukoy sa ____________.
   a. kaligtasan na iniaalay ni Cristo
   b. pagbabahagi ng kaligtasang alay ni Cristo sa sangkatauhang naliligaw ng landas
   c. pagpaparating ng mabuting balita ng kaligtasan
   d. all of the above

3. Dahilan sa Kanyang ginawang sakripisyo ni Cristo sa Kalbaryo, naging posible ang
   a. Maging successful sa buhay
   b. Maging mabuting tao
   c. Magkaroon ng kapatawaran ng kasalanan

4. Ang gospel ay tungkol sa _____________
   a. Pagkakaroon ng daan tungo sa prosperity
   b. Pagkakaroon ng daan tungo sa kaharian ng Diyos
   c. Pagkakaroon ng daan tungo sa kalayaan ng mga bilanggo

5. Sino ang evangelist?
   a. Mga naniniwala sa Diyos na mahilig makipagtalo sa ibang relihiyon at sinasabing ang kanilang paniniwala ang tamang daan.
   b. Mga mananampalatayang naghahatid o taga-deliver ng mabuting balita o gospel.
   c. Mga umaakyat sa bus at nanghihingi ng donation habang nagrerecite ng Bible verse.

6. Ano ang mga sangkap ng gospel?
   a. Mabuting balita ng kaligtasan na nagmula sa Diyos sa pamamagitan ng Kanyang anak na si Jesus na nag-alay ng Kanyang buhay para sa makasalanang tao at ang paghamon ng pagtanggap sa mensahe para sa ikaliligtas ng makasalanang tao.

b. Mabuting balita ng kaligtasan na kung paano nagbago ang ating buhay. Pagpapakita ng pagkakaiba ng buhay natin noon at buhay nating ngayon.
c. Mabuting balita ng kaligatasan ng lahat ng tao, na walang sinuman ang mapapa-hamak bagkos ang lahat ng tao magtiwala man o hindi kay Cristo ay maliligtas.

7. Ilang beses mababasa sa New Testament ang salitang evangelist?
   a. Limang beses
   b. Tatlong beses
   c. Apat na beses

8. Sino ang tinaguriang evangelist sa Acts 21:8?
   a. Si Pablo
   b. Si Lucas
   c. Si Philip

9. Ano ang isinasaad ng Ephesians 4:11 patungkol sa mga evangelist?
   a. Ang mga evangelist ay mga taong kaloob ng Diyos sa iglesia
   b. Ang mga evangelist ay mga taong kaloob ng Diyos sa buong daigdig
   c. Ang mga evangelist ay mga taong kaloob ng Diyos sa mga mananampalataya lamang

10. Sinabi ni Paul kay Timothy na, _____________.
   a. "Continue to do good works."
   b. "Do the work of an evangelist."
   c. None of the above

11. Ang mga sumusunod ay mga katangian ng isang evangelist maliban sa ________.
   a. Marunong sa salita ng Diyos.
   b. Magaling mag-communicate o magpaliwanag ng sarili.
   c. Hindi tumatanggap ng rejection.
   d. Hindi kailangang utusan na isagawa ang pagbabahagi ng mabuting balita.

12. Bakit dapat ang isang evangelist ay magaling makipag-communicate?
   a. Upang wala siyang masayang na oras
   b. Upang siya ay hindi palgoy-ligoy at paikot-ikot sa pagpapaliwanag
   c. Upang siya ay makapag-kuwento pa ng ibang bagay

13. Ang mga evangelists ay mga disciples na sapagkat ________________.
   a. Sila ay palaging nag-aaral ng salita ng Diyos.
   b. Sila ay laging dumaraan sa pagsasanay.
   c. Isinasapamuhay niya paminsan-minsan ang gospel.
   d. a & b
   e. a, b & c

14. Ang mission field ng lifestyle evangelist ay ________________.
    a. Nasa ibang bansa
    b. Kung nasaan ang kanyang hanap-buhay
    c. Sa loob ng church
15. Ang isang evangelist ay gagamitin bilang __________ sa paghahatid ng mabuting balita.
    a. Salt and light
    b. Witness and Ambassador
    c. Both a and b

## II. Short Essay (250 words or more)

Gumawa ng 3-minute testimony gamit ang pattern na iyong natutuhan.

***Note:***

1. *Ang essay ay maaaring isulat sa English, Tagalog or Taglish.*

© Revised: March 14, 2020 Conrad Jun Tolosa
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.